Illinois State Board of Education

100 North First Street • Springfield, Illinois 62777-0001
www.isbe.net

Jesse H. Ruiz
Tagapangulo

Rod Blagojevich
Gobernador

Christopher A. Koch, Ed.D.
Tagapamanihala ng Edukasyon sa Estado

Pebrero 11, 2008

Mahal na mga Magulang at Miyembro ng Komunidad:

Ang Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois (Illinois State Board of Education) ay nais kayong pasalamatan sa lahat ng suporta na inyong ipinagkaloob sa inyong mga lokal na paaralan. Nais din naming ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga pinakahuling mga pagbabago sa Sistema ng Pagtatasa ng Estado ng Illinois (Illinois State Assessment System) na maaaring maka-apekto sa inyong anak.

Bawat tag-sibol, hinihiling ng Illinois sa lahat ng mga estudyante mula ikatlo hanggang ikawalong baitang na kunin ang Illinois Standards Achievement Test (ISAT). Ang lahat ng mga estudyante sa ika-labingisang baitang ay kinakailangang kunin ang Prairie State Achievement Exam (PSAE). Sa mga nakaraang taon, maaaring hindi kinuha ng inyong anak ang mga pagsusulit ito dahil siya ay isang Mag-aaral ng Wikang Ingles o English Language Learner (ELL) at nakilahok sa alternatibong pagsuri na pinahintulutan para sa mga ELL. Gayunman, upang tumupad ang Illinois sa batas ng pederal na No Child Left Behind, ang lahat ng mga estudyante, kasama na ang mga estudyante ng ELL, ay kailangang kunin ang ISAT o PSAE. Ang mga estudyante ng ELL na nasa Estados Unidos nang kumulang sa isang taon ay maaaring hindi makasali mula sa pagbabasang bahagi ng pagsusulit. Ang pagbabagong ito sa patakaran ng pagsuri ay hindi makaka-apekto sa patakaran ng inyong distrito hinggil sa pagpapasa ng mga estudyante patungo sa sumunod na baitang sa paaralan.

Kung ang inyong anak ay isang ELL na kailangang kunin ang ISAT o ang PSAE ngayong tag-sibol, siya ay maaaring pagkalooban ng mga tulong para sa pagsuri na pagpapasiyahan ng inyong lokal na distrito. Ang mga tulong na napili ay dapat nagamit na para sa mga instruksyon sa silid aralan. Maaaring kabilang sa mga tulong na ito ang ilan sa mga sumusunod: pinatagal na oras, mas madalas na oras ng pahinga, pagkuha ng pagsusuri sa maliliit na mga pangkat, mga manuskrito ng mambabasa at mga audio recording, mga manuskrito para sa pamamahala ng pagsusulit na nakasulat sa katutubong wika at paggamit ng mga bilingguwal na talahulungganan, ang ilan sa mga ito.

Umaasa kami na kayo ay makikipag-tulungan kasama ang inyong paaralan at prinsipal upang matulungan ang inyong mga anak na gawin ang lubos nang kanilang makakaya sa mga pagsusulit na ito. Mangyari lamang na makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak o sa prinsipal ng paaralan kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsusulit na ito at ang mga bagong handang tulong.

Ang Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois ay matagal nang sinusuportahan ang mahuhusay na programang pang-edukasyon para sa Billinguwal/ESL ng Illinois at nananatili kaming may pananagutan sa mga ito. Kami ay kasalukuyang malapit na nakikipag-tulungan sa maraming mga organisasyon sa iba't ibang mga estado upang tiyakin na, sa hinaharap, kami ay maghahandog ng pinaka-angkop na mga pagsusulit para sa lahat ng aming mga estudyante, kasama na iyong mga nag-aaral ng wikang Ingles.

Muli kaming nagpapasalamat para sa lahat nang inyong nagawa upang suportahan ang inyong anak at ang inyong lokal na distrito ng paaralan.

Sumasainyo,

Christopher Koch

Christopher A. Koch, Ed.D.
Tagapamanihala ng Edukasyon sa Estado